**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES**
DILIMAN QUEZON CITY
VoIP TRUNKLINE 981-8500 LOCAL: 2558, 2556
DIRECT LINE: (632) 929-5401, (632) 927-1835
FAX: (632) 928-2863
E-MAIL: chancellor.updiliman@up.edu.ph

**OFFICE OF THE CHANCELLOR**

13 Enero 2016

MEMORANDUM BLG. MLT 16-149

PARA SA: Mga Dekano Direktor ng mga Akademiko at Administratibong Yunit, Tagapangulo ng Sangguniang Mag-aaral, Pinuno ng mga samahang pangmag-aaral, Alumni

PAKSA : UP Diliman Month 2016: Panahon ng Luwalhati

---

Sa darating na buwan ng Pebrero ay ipagdiriwang ng komunidad ang UP Diliman Month. Para sa taong 2016, sama-sama nating gunitain ang apat na pambansang alagad ng sining na sina Manuel Conde (Pelikula), Lamberto Avellana (Pelikula at Teatro), Severino Montano (Teatro) at NVM Gonzalez (Panitikan). Noong 2015, sina Conde, Avellana, Montano at Gonzalez ay nagdiwang ng sentenaryo ng kanilang kapanganakan. Ngayong taon naman, ipagdiriwang ang kanilang ikalawang siglo sa pamamagitan ng UP Diliman Month. Ang nalaapit na UP Diliman Month ay may pamagat na *Panahon ng Luwalhati,* halaw sa akda ni NVM Gonzalez na "A Season of Grace."

Sa ating pagdiriwang, gugunitain ang buhay at kasaysayan ng mga pambansang alagad ng sining sa pamamagitan ng mga pagtatanghal, lektura at installation art na magpapatingkad hindi lamang sa kanilang mga obra maestra kundi maging sa kanilang kahalagahan bilang mga natatanging manlilikha ng bayan.

Malugod na inaanyayahan ang lahat upang tangkilikin ang mga palatuntunan mula 1 Pebrero 1 hanggang 26 Pebrero 2016 na ipamamalas sa iba't ibang pook-tanghalan sa loob ng kampus. Kalakip nito ang iskedyul at mga detalye ng mga programang inihanda para sa UP Diliman Month.

Mangyari lamang na makipag-ugnayan sa UPD OICA sa 9818500 lokal 2659 para sa mga impormasyon, tanong o paglilinaw. Inaasahan ang partisipasyon ng komunidad sa natatanging selebrasyong ito.

Maraming salamat!

MICHAEL L. TAN, PhD
Chancellor

UP Diliman Information Office
RECEIVED
By: Pra Cula
Date: 1-15-2016
Time: 10:06 AM

**PANGKALAHATANG DALOY NG PAGDIRIWANG**

| | |
|---|---|
| ***Bodabil sa Kampus: Seremonya ng Pagbubukas ng UP Diliman Month 2016***<br>1 Pebrero<br>6:00 ng gabi<br>University Amphiteater<br><br>Libre para sa lahat | Ang seremonya ng pagbubukas ng Diliman Month ay magaganap sa 1 Pebrero 2016 (Lunes), 6:00 ng gabi sa Ampiteatro ng Unibersidad. Halaw sa *bodabil,* layunin ng seremonya na ipagbunyi ang mga artista ng bayan hindi lamang bilang mga manlilikha ng obra kundi bilang mga iskolar ng sining. Ang tampok na bahagi ng seremonya ay ang mga malalaking imahe ng apat na Pambansang Alagad ng Sining na nagdiriwang ng sentenaryo ng kanilang kapanganakan: Manuel Conde (Pelikula), Lamberto Avellana (Pelikula), Severino Montano (Teatro) at NVM Gonzalez (Panitikan). Sama-sama nating balikan ang dekada 1930 at 1940 bilang paggunita sa henerasyon nina Conde, Avellana, Montano at Gonzalez. Tampok sa program sina Bb. Bituin ESCALANTE, Bb. Natasha CABRERA, ang UP Speech Communication Association (UP SPECA), UP Dancesport Society at ang UP Jazz Ensemble. |
| ***Usapang Pambansang Alagad ng Sining: Serye ng Lektura hinggil kina Conde, Avellana, Montano at Gonzalez***<br>2 Pebrero (Conde)<br>9 Pebrero (Avellana)<br>16 Pebrero (Montano)<br>23 Pebrero (Gonzalez)<br>2:30 ng hapon<br>Pulungang Claro M. Recto, Bulwagang Rizal<br><br>Libre para sa lahat ngunit hinihikayat na magpaabiso ng pagdalo sa oica.upd@gmail.com o tumawag sa 9818500 lokal 2659 para sa reserbasyon ng upuan at upang makatanggap ng sertipiko. | Serye ng mga lektura hinggil sa buhay at kahalagahan ng mga obra nina Conde, Avellana, Montano at Gonzalez na ibabahagi nina Dr. Nicanor G. TIONGSON (para kay Conde), Ms. Ivi AVELLANA (para kay Avellana), Dr. J. Neil GARCIA (para kay Montano) at Dr. Jose Wendell CAPILI (para kay Gonzalez). |
| ***Conde sa Dap-ay***<br>3 Pebrero (Señorito)<br>4 Pebrero (Genghis Khan)<br>7:00 ng gabi<br>Dap-ay<br>(tapat ng Media Center ng Kolehiyo ng Komunikasyong Pang-madla) | Pagpapalabas ng dalawang pelikula ni Manuel Conde sa Kolehiyo ng Komunikasyong Pasalita: ang *Señorito* at ang *Genghis Khan.* |

| | |
|---|---|
| Libre para sa lahat | |
| ***Pagpupugay:***<br>***A Tribute to the National Artists of UP Press***<br>5 Pebrero<br>2:00 ng hapon<br>Pulungang Claro M. Recto, Bulwagang Rizal | Para sa detalye, bisitahin ang http://press.up.edu.ph/pagpupugay-a-part-of-panahon-ng-luwalhati/ o ang Facebook page ng UP Press: https://www.facebook.com/UniversityofthePhilippinesPress |
| ***Himigsikan***<br>7 Pebrero<br>(tampok ang Lamb St., Slow Sink at Spoken Words Poets, sa pakikipagtulungan ng Maroon FM)<br>14 Pebrero<br>(tampok ang Jai. at Three Of Us)<br>21 Pebrero<br>(tampok ang Triple Fret)<br>5:00 ng hapon<br>Plaza ng Carillon<br><br>Libre para sa lahat | Ang mga Linggo ng buwan ay katatampukan ng mga pangkat na maghahandog ng kani-kanilang musika. Ang mga serye ng konsyerto na ito ay bukas para sa lahat at masasaksihan sa Carillon Plaza tuwing 5:00 ng hapon. |
| ***Avellana sa Arki Ampiteatro***<br>10 Pebrero (Badjao)<br>11 Pebrero (The Portrait of the Artist as Filipino)<br>7:00 ng gabi<br>Arki Ampiteatro<br>Kolehiyo ng Arkitektura<br><br>Libre para sa lahat | Pagpapalabas ng dalawang pelikula ni Lamberto Avellana sa Arki-Ampiteatro ng Kolehiyo ng Arkitektura:<br>ang *Badjao* at ang *The Portrait of the Artist as Filipino.* |
| ***Pagtahak sa Kaluwalhatian: Dulaang UP's Tisoy Brown: Hari ng Wala***<br>10 hanggang 28 Pebrero<br>3:00 ng hapon (piling petsa) at 7:00 ng gabi<br>Wilfrido Ma. Guerrero Theater<br><br>Para sa tiket at impormasyon, makipag-ugnayan sa Dulaang UP<br>(433 7840 o 926 1349). | Mula sa panulat ng batikang mandudula na si Rody Vera, inihahandog ng Dulaang UP ang *Tisoy Brown: Hari ng Wala*, halaw sa Peer Gynt ni Henrik Ibsen. Kawangis ng pakikipagsapalaran ni Peer Gynt sa mahiwagang mundo ng Noruega, tunghayan si Tisoy Brown sa kanyang paglalayag sa laot ng dagat, pagbagtas sa kasukalan ng gubat, paglipad sa himpapawid, at pakikipagdaupang-palad sa mga nilalang na pawang tauhan ng mga bantog na kwentong-bayan ng ating mayamang kulturang Pilipino. *Ang Tisoy Brown: Hari ng Wala* na bahagi ng pagdiriwang ng ika-40 taon ng Dulaang UP ay idinirehe ni José Estrella. |
| ***Utak at Puso: The UP Varsity Pep Squad*** | Konsiyertong pasasalamat ng UP Varsity Pep Squad, tampok ang kanilang mga routine na ginamit sa mga |

| | |
|---|---|
| ***Honors National Artists***<br>13 Pebrero<br>3:00 at 7:00 ng gabi<br>University Theater<br><br>Ang tiket ay nagkakahalaga ng P150.<br>Para sa impormasyon, makipag-ugnayan kay Bb. Malou ng OICA (9818500 lokal 2659). | kompetisyon sa loob at labas ng bansa. |
| ***ASEAN Youth Cultural Forum***<br>15 Pebrero<br>8:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon<br>G.T. Toyota Auditorium | Para sa impormasyon, makipag-ugnayan sa Opisina ng Bise Tsanselor sa Gawaing Pangmag-aaral. |
| ***Montano sa UP Theater Stage: The Ladies and The Senator***<br>16 at 17 Pebrero<br>3:00 ng hapon at 7:00 ng gabi<br>UP Theater Stage<br><br>Ang tiket ay nagkakahalaga ng P200 (P150 para sa mga estudyante, kawani at guro ng UP). Para sa impormasyon, makipag-ugnayan kay Bb. Malou ng OICA (9818500 lokal 2659). | Isang komedya ni Severino Montano tungkol sa pagbisita ni Anthony Maripal, isang Pilipinong senador sa Estados Unidos. Pinaghahandaan ng senador ang isang welcome party ng mga opisyal ng Filipino Women's Club ng Washington DC. Ngunit bago pa man dumating ang senador, pinag-uusapan na ng kababaihan kung papaano pa nito nagagawang makapag-relaks samantalang sa Pilipinas ay may nakabinbin na kasong *plunder* laban dito.<br><br>Ang palabas ay napapanahon lalo na't papalapit ang pambansang halalan sa Pilipinas. Sa direksiyon ni Tess Jamias, ilan sa mga panauhing magtatanghal ay sina Kat Castillo, Natasha Cabrera, Krystle Valentino, Yen Yen Vergara, at iba pang mag-aaral at alumni ng UP Diliman. |
| ***Bawat Bata, Artista (tampok ang UP Cherubim and Seraphim)***<br>19 Pebrero<br>3:00 ng hapon at 7:00 ng gabi<br>UP Theater Stage<br><br>Ang tiket ay nagkakahalaga ng P200.00. Para sa impormasyon, makipag-ugnayan kay Bb. Malou ng OICA (9818500 lokal 2659). | Isang konsyerto tampok ang UP Cherubim and Seraphim. Ang konsiyerto ay pagpupugay sa yaman at kulturang musikal ng Pilipinas. Tampok sa konsiyerto ang mga awitin nina Lucio San Pedro at Ramon Santos, mga Pambansang Alagad ng Sining sa Musika. |
| ***Haranafest (An Inter-college Choral Competition for Students)*** | Patimpalak para sa pinakamahusay na *student choral group*. Ito ay inorganisa ng Office of the Vice-Chancellor for Student Affairs at University Student Council. |

| | |
|---|---|
| 20 Pebrero<br>7:00 hanggang 11:00 ng gabi<br>University Theater<br><br>Libre para sa lahat | |
| ***Pagpapasinaya sa Selyo ni NVM Gonzalez***<br>22 Pebrero<br>2:00 ng hapon<br>The Forefront (University Theater Lobby)<br><br>Libre para sa lahat | Kasama ang National Commission for Culture and the Arts o NCCA, pormal na papasinayaan ang ispesyal na selyo tampok si NVM Gonzalez, pambansang alagad ng sining para sa panitikan |
| ***Wanderer in the Night of the World: A Dance Concert (tampok ang UP Dance Company)***<br>22 Pebrero<br>4:00 ng hapon at 7:30 ng gabi<br>UP Theater Stage<br><br>Ang tiket ay nagkakahalaga ng P200 (P150 para sa mga estudyante, kawani at guro ng UP). Para sa impormasyon, makipag-ugnayan kay Bb. Malou ng OICA (lokal 2659). | Si NVM Gonzalez ay hinirang naPambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan noong 1997. Tanyag si Gonzalez sa kanyang mga maikling kuwento at mga nobela tulad ng *Bamboo Dancer, The Winds of April* at *A Season of Grace.* Lingid sa kaalaman ng nakararami, isa ring manunula si Gonzalez. Kamakailan, ginawang antolohiya ng The University of the Philippines Press ang kanyang mga tula sa pamatnugot at pagpapaliwanag ni Dr. Gemino Abad. Bibigyang buhay ng UP Dance Company ang mga tula ni NVM Gonzalez sa pamamagitan ng galaw at sayaw. Ang konsiyerto ay idinirehe ni Angela Lawenko-Baguilat. |
| ***Papet Gonzalez: The Bread of Salt (Isang Pagtatanghal ng Papet)***<br>24 Pebrero<br>3:00 ng hapon at 7:00 ng gabi<br>Bulwagan ng Dangal, University Library<br><br>Ang tiket ay nagkakahalaga ng P150.00 (P100.00 para sa mga estudyante, kawani at guro ng UP). Para sa impormasyon, makipag-ugnayan kay Bb. Malou ng OICA (lokal 2659). | Handog ng Teatrong Mulat ng Pilipinas ang isang palabas na papet ng *The Bread of Salt.* Sa direksyon ni Dekana Amihan Bonifacio-Ramolete ng Kolehiyo ng Arte at Literatura, at mga disenyong papet ni Sig Pecho, layunin ng palabas na mas mapalapit sa mga batang manonood ang yaman ng wika at kultura ng Pilipinas na ipinamalas ni Gonzalez sa kanyang akda. Isa rin itong pagkakataong makilalang maigi ng kabataan ang mahalagang teksto sa kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas. |
| ***Panahon ng Luwalhati: Seremonya ng Pagwawakas ng UP Diliman Month 2016***<br>26 Pebrero<br>7:00 ng gabi<br>University Theater | Isang simple ngunit makabuluhang konsyertong katatampukan ng sayaw, poesiya at awitin ng mga kontemporanyong artista at obra maestra na sumisimbulo sa pangunguna ng UP Diliman sa pagpapatuloy ng mayaman at malalim na sining ng bayan. Ang konsyerto ay magaganap sa Bulwagang Villamor o University Theater sa<br>26 Pebrero, 7:00 ng gabi. Tampok sa palatuntunang ito |

| | |
|---|---|
| | ang The Beki Band ng Sipat Lawin Ensemble, UP Rondalla, UP String Quartet, UP Samaskom, sina Virgilio Almario (Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan), Juan Miguel Severo, PJ Rebullida, JM Cabling, Al Garcia at Jeffrey Hidalgo. |